# Maling Impormasyon Tungkol sa Bakuna



Sa panahon ngayon ng makabagong teknolohiya (digital age), mabilis kumalat ang impormasyon. Sa kasamaang palad, gayon din ang maling impormasyon. Ang mga hindi pagkakaunawaan tungkol sa mga bakuna ay maaaring magsimula mula sa isang simpleng tsismis, maling akala o kahit na ang layunin na pagkakalat ng maling impormasyon.

Ang maling impormasyong ito ay maaaring humantong sa pagkatakot at pagkalito, at sa ilang mga kaso, ito ay humantong sa mga pagsiklab ng mga sakit na kontrolado natin, tulad ng tigdas. Itama natin ang rekord sa pamamagitan ng pagpapabulaan ng ilang karaniwang maling paniniwala tungkol sa bakuna.

### MALI: Ang mga Bakuna ay Nagsasanhi ng Autismo

***KATOTOHANAN:*** Walang pruwebang siyentipiko na ang mga bakuna ay nagdudulot ng autismo. Ang maling paniniwalang ito ay nagsimula sa isang maling pag-aaral na inilathala noong 1998, na kalaunan ay binawi dahil sa malubhang pagkakamali at mga isyung etikal. Mula noon, maraming malawak na pag-aaral sa pananaliksik na kinasasangkutan ng milyun-milyong mga bata sa buong mundo ang hindi nakitaan ng kaugnayan sa pagitan ng mga bakuna at autismo.

### MALI: Ang Natural na Imyunidad ay mas Mabuti kaysa sa Imyunidad na Ibinibigay ng Bakuna

***KATOTOHANAN***: Ang pagkakaroon ng sakit ay minsang maaaring magbigay sa iyo ng imyunidad, ngunit ito ay hindi naaayon at maaaring magdulot ng may kasamang mas malubhang panganib sa kalusugan. Halimbawa, ang pagkakaroon ng bulutong ay maaaring gumawa ng imyunidad sa buong buhay mo, ngunit maaari rin itong humantong sa malubhang komplikasyon tulad ng mga impeksyon sa balat o pulmonya. Ang mga bakuna, sa kabilang banda, ay nagbibigay ng katulad na proteksyon nang walang panganib na magkasakit nang malubha.




### MALI: Ang mga Bakuna ay Naglalaman ng mga Mapanganib na Sangkap

***KATOTOHANAN***: Ang mga bakuna ay naglalaman ng mga sangkap na kailangan upang mapanatili ang mga ito na epektibo at ligtas. Ang ilang mga sangkap ay maaaring may tunog na nakakatakot, tulad ng pormaldehayd at mercury. Gayunman, napakaunti ang dami ng pormaldehayd sa bakuna – sa katunayan, mas kakaunti ito kaysa sa dami ng natural na nagagawa ng iyong katawan araw-araw. Karamihan sa mga bakuna ay walang anumang mercury at thimerosal, isang uri ng mercury, ay inalis mula sa lahat ng mga bakuna na pambata noong 2001. Kapag ito ay ginagamit, ang mercury ay tumutulong na mapigilan ang bakterya at paglago ng fungal sa mga maramihang dosis na bakuna. Karagdagan pa, ang mga bakuna ay patuloy na sinusuri at sinusubaybayan para sa kaligtasan ng mga siyentipiko at mga propesyonal sa kalusugan.

County of Los Angeles Public Health

# Maling Impormasyon Tungkol sa Bakuna

### MALI: Ang mga Bakuna ay Maaaring Magdulot sa Iyo ng Sakit na Kanilang Ginawa para Mapigilan

***KATOTOHANAN***: Karamihan sa mga bakuna ay naglalaman ng mga piraso ng virus o bakterya na hindi maaaring magdulot sa iyo ng sakit. May mga bakuna na pinahina o “buhay (live)" ang virus, pero napakahina nito para maging sanhi ng aktwal na sakit. Sa halip, itinuturo nila sa iyong sistema ng imyunidad kung paano labanan ang tunay na virus kung sakaling lumabas ito.

### MALI: Ang mga Bakuna ay Nagpapahina sa Iyong Sistema ng Imyunidad

***KATOTOHANAN***: Ang mga bakuna ay talagang nagsasanay sa iyong sistema ng imyunidad upang maging mas malakas. Sa pamamagitan ng paglalagay ng hindi nakakapinsalang bersyon ng virus o bakterya, natututo ang iyong sistema ng imyunidad kung paano magpoprotekta laban dito. Sa ganoong paraan, kung sakaling dumating ka sa panahon na magkaroon ng tunay na virus, alam ng iyong katawan kung ano ang gagawin.

### MALI: Hindi Ko Kailangan ng Mga Bakuna Dahil Poprotektahan ako ng Imyunidad ng Karamihan (Herd Immunity)

***KATOTOHANAN***: Ang imyunidad ng karamihan (herd immunity) ay gumagana lamang kapag ang napakaraming bahagi ng mga tao ay nabakunahan na, na pinoprotektahan ang mga taong hindi maaaring mabakunahan, tulad ng mga bagong panganak o mga taong may ilang mga particular na kondisyon sa kalusugan. Kapag napakaraming tao ang umayaw sa pagbabakuna, hindi magtatagumpay ang imyunidad ng karamhihan (herd immunity), na nag-iiwan sa lahat ng tao, pati na sa mga pinakamahina, sa panganib.

### MALI: Ang mga Bakuna ay may mga Microchips na Sumusubaybay sa mga Tao

***KATOTOHANAN***: Walang anumang microchips o mga aparato na sumusubaybay sa mga bakuna. Ang kathang ito ay maaaring nagsimula mula sa mga hindi pagkakaunawaan tungkol sa mga digital na talaan ng kalusugan, na mga elektronikong bersyon ng mga medikal na tsart ng pasyente na pinananatili ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider) at walang kinalaman sa pagsubaybay sa mga indibidwal.

### MALI: Hindi Mo na Kailangang Magpabakuna Laban sa mga Sakit na Natalo na Natin

***KATOTOHANAN***: Habang ang ilang mga sakit ay bibihira na ngayon salamat sa mga bakuna, hindi sila ganap na nawala. Kung hihinto tayo sa pagbabakuna, ang mga sakit na ito ay maaaring bumalik at mabilis. Kaya naman kailangan pa rin natin ng bakuna - para maiwasan ang mga sakit at maprotektahan ang ating komunidad.



County of Los Angeles Public Health